Alameda County Health

Ilalabas Kaagad

Marso 27, 2024

Contact ng Media:
ACHealth-PIO@acgov.org

# Welcome sa Alameda County Health

## Health Care Services Agency, magkakaroon ng bagong pangalan at hitsura

**Alameda County, CA -** Inanunsyo ngayong araw ng Health Care Services Agency ng Alameda County ang bago nitong pagkakakilanlan bilang Alameda County Health (AC Health). Matatagpuan sa San Leandro at naglilingkod sa mahigit 1.7 milyong residente sa isa sa mga pinakamalawak na county sa bansa, nananatiling nakatuon ang AC Health sa pagkakapantay-pantay sa kalusugan at pangangalaga para sa buong tao.

Sa maraming departamento at mga programa ng mga ahensya, at sa mga pakikipagtulungan sa mahigit 300 organisasyon sa komunidad, patuloy na nagbibigay ang AC Health ng mga pangunahing serbisyo sa mga residente ng Alameda County, kasama ang: kalusugan ng publiko, kalusugan ng pag-uugali, kondisyong pangkapaligiran, EMS, mga serbisyo sa pabahay at kawalan ng tirahan, at iba't ibang mga programa na nagtataguyod ng access sa pangangalaga at tumutulong na alisin ang hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan.

Bahagi ng pag-rebrand ay dahil sa natutunang mga aral mula sa pandemya, kung saan ang naa-access, malinaw at nauugnay na impormasyon ay nagpapatunay na mahalaga para sa mga residenteng naghahanap ng mga mahalagang pansuportang serbisyo, at maaasahang gabay sa kalusugan at medikal na impormasyon.

"May ginagampanang mahalagang tungkulin ang AC Health sa pagsuporta at pagprotekta ng kalusugan ng mga residente ng Alameda County, at tungkol ito sa pagtiyak na malinaw na nauunawaan ng ating mga residente kung saan pupunta para sa mga serbisyo at mapagkukunan na talagang makakapagligtas ng kanilang mga buhay, "ang sabi ng Supervisor ng Distrito 5 ng Alameda County at Committee Chair ng Kalusugan na si Keith Carson. "Mas padadaliin ng bagong brand na magbahagi ng impormasyon at magmensahe sa ating mga komunidad, at sa huli ay mas padadaliin sa mga tao na maunawaan ang lahat ng ibinibigay ng County sa pamamagitan ng AC Health."

Binuo ang bagong brand ng Ahensya sa pamamagitan ng input at feedback mula sa mga kawani at mga katuwang sa komunidad para mapangasiwaan ang paggawa ng isang brand na nagpapakita ng malawak na hanay ng mga serbisyo na sumusuporta sa malawak na mga komunidad at mga pangangailangan ng Alameda County.

Dahan-dahang lilipat ang AC Health sa kolateral ng mga komunikasyon, karatula sa gusali, at mga opisyal na dokumento ng Negosyo sa susunod na taon. Maglo-launch ng bagong website ngayong tag-init, na may mga pangunahing layunin na gawing mas madaling maghanap ng impormasyon mula sa maraming entry/search point at pahuhusayin ang kakayahang ma-access para sa mga taong may kapansanan sa paningin at mga nagsasalita ng iba't ibang wika.

"Bagaman magbabago ang aming pangalan at mga logo, ang istraktura at lakas ng aming ahensya at ang aming pangako sa lahat ng pinaglilingkuran namin ay hindi magbabago," ang sabi ni Colleen Chawla, director ng Health Care Services Agency. "Maraming koordinasyon ang nangyayari sa aming mga departamento at mga programa para magbigay ng mga serbisyo na mataas ang kalidad at pagandahin ang mga resulta sa kalusugan para sa mga residente ng Alameda County–ang bagong brand na ito ay tutulong na mabigyang-diin ang mga koneksyong iyon nang mas malinaw at para sa aming mga kliyente at mga komunidad."

Habang hindi magbabago ang misyon, mithiin, at istraktura ng organisasyon ng ahensya at mga departamento nito, magsisimula ang mga sumusunod na pagbabago sa pangalan simula sa Marso 27, 2024:

- **Alameda County Health (AC Health)**
  Dati itong tinatawag na: Alameda County Health Care Services Agency o HCSA
- **AC Health, Behavioral Health Department (ACBHD)**
  Dati itong tinatawag na: Alameda County Behavioral Health Care Services o ACBH
- **AC Health, Environmental Health Department (ACEHD)**
  Dati itong tinatawag na: Alameda County Department of Environmental Health o DEH
- **AC Health Public Health Department (ACPHD)**
  Dati itong tinatawag na: Alameda County Public Health Department o ACPHD
- **AC Health, Housing and Homelessness Services (AC Health H&H)**
  Dati itong tinatawag na: Office of Homeless Care and Coordination o OHCC
- **AC Health, Healthy Schools and Communities**
  Dati itong tinatawag na: The Center for Healthy Schools and Communities

Hindi magbabago ang mga kasalukuyang pangalan ng **Alameda County EMS Agency at HealthPAC.**

Alameda County Health

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa aming ahensya, mangyaring bisitahin ang Health.AlamedaCountyCA.gov

Press Release sa: Espanyol | Chinese | Farsi | Vietnamese | Cambodian | Tagalog

###

**Tungkol sa Alameda County Health**

Ang Alameda County Health Care Services Agency ay ang matatagpuang ahensya ng gobyerno na nagsusulong at nagpoprotekta ng kalusugan at pagiging nasa mabuting kalusugan ng lahat ng nakatira, nagtatrabaho, nag-aaral, at naglalaro sa Alameda County. Sa lahat ng aming departamento ng Kondisyong Pangkapaligiran, Kalusugan ng Pag-uugali at Kalusugan ng Publiko, at mga pangunahing programang sumasaklaw sa pagtugon sa emergency, access sa pangangalaga at mga serbisyo sa walang tirahan, nakikipagtulungan kami sa mga organisasyon sa komunidad para suportahan ang matibay na safety net, bumuo ng matatag na mga komunidad, at pagandahin ang kalusugan para sa lahat. Nakatuon kami sa pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa pamamagitan ng mga programa at pagbabago sa Sistema para bawasan ang hindi pagkakapantay-pantay para sa mga tao at komunidad na pinaglilingkuran namin.